

Kooperatibang Edukasyon

Sa pamamagitan ng inisyatibong Student Success, ang mga paaralang sekondaryo ng Ontario ay nag-aalay ng mga pinalawak na programa upang makatulong na tugunan ang mga indibidwal na istilo at interes ng mga estudyante. Ang mga programang ito ay nagpapahintulot sa mga estudyante na iangkop ang kanilang karanasan sa mataas na paaralan sa pamamagitan ng iba't ibang bago at pinahusay na mga mapipili sa pag-aaral. Ang mga mapipiling ito ay kabilang ang Dual Credits (Dalawang Kredito), Specialist High Skills Majors (Mga Espesyalistang Matataas ang Kasanayan na Medyor) at Cooperative Education (Kooperatibang Edukasyon).

Ang mga programang ito ay tumutulong na tugunan ang mga pangangailangan, interes at lakas ng lahat ng mga estudyante, pinalalahok sila sa pag-aaral at mas mahusay na inihahanda sila para sa pagtatapos at higit pa.

Ano ang Cooperative Education (Co-op)?

- Ang cooperative education ay isang inaprobahan-ng-ministri na programa na nagpapahintulot sa mga estudyante na makakuha ng mga kredito sa paaralang sekondaryo habang kinukumpleto ang paglalagay sa trabaho. Ang programa ay binubuo ng isang co-op na kurso na sinusubaybayan ng isang guro ng cooperative education, isang kaugnay na kurso sa kurikulum sa anumang asignatura, at paglalagay sa trabaho.
- Maaring gamitin ng mga estudyante ang dalawang co-op na kredito patungo sa kanilang sapilitang mga iniaatas sa mataas na paaralan, nang walang limitasyon sa pagkuha ng opsiyonal na co-op na mga kredito. Ang co-op na mga paglalagay ay inaayos para sa mga estudyante ng kanilang paaralang sekondaryo at dapat sumunod sa patakaran at mga patnubay ng Ministri ng Edukasyon.

Para kanino ito?

- Ang co-op na mga programa ay para sa mga sekondaryong estudyante na patungo sa pagsasanay para sa trabaho, kolehiyo, unibersidad o sa lugar ng trabaho.

ontario.ca/EDUparents

Mga benepisyo ng co-op na mga programa

Ang co-op na mga estudyante ay may pagkakataon na:

- Makaranas ng pag-aaral na may tuwirang pagtuturo
- “Subukan” ang mga mapipiling karera
- Tingnan ang kaugnayan ng kanilang pag-aaral sa silid-aralan
- Makakuha ng mga kredito sa pamamagitan ng karanasan sa lugar ng trabaho
- Bumuo ng mahahalagang kasanayan at gawi na kinakailangan sa lugar ng trabaho
- Magkaroon ng mahalagang karanasan sa trabaho na tutulong na makagawa ng rekord ng trabaho para sa mga programa pagkatapos ng sekondaryo at pagtatrabaho sa hinaharap.

Saan iniaalay ang co-op na mga programa? Paano ako makakauha ng karagdagang kaalaman?

- Lahat ng mga lupon ng paaralan sa Ontario ay nag-aalay ng co-op na mga programa. Para sa karagdagang impormasyon makipag-ugnayan sa punong-guro ng inyong paaralan o sa Lider ng Student Success sa inyong lupon ng paaralan. Ang mas detalyadong impormasyon tungkol sa Cooperative Education ay matatagpuan sa: www.ontario.ca/studentsuccess.